Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**

# E P P 5



# MGA KATANGIAN NG ISANG MAHUSAY NA TINDERA/ TINDERO

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS), DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

## GRADE V

# MGA KATANGIAN NG ISANG MAHUSAY NA TINDERA/ TINDERO

### ALAMIN MO




*Nakaranas ka na bang magtinda? Suriin mo ang tinderang nakalarawan. Ano ang masasabi mo?*

*Sa modyul na ito, matutukoy mo ang mga katangian ng isang mahusay na tindera o tindero.*

*Makatutulong ito sa iyo balang araw.*



## PAGBALIK-ARALAN MO

Naalaala mo pa ba ang iyong pinag-aralan ukol sa mga alintuntuning dapat sundin sa pagtitinda ng tingian?

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong at isulat ito sa kuwadernong sagutan.

1. Anu-anong mga kaukulang pahintulot ang nararapat kunin sa pamahalan bago magtayo ng tingiang tindahan.
2. Saan maaaring manggaling ang panimulang puhunan?
3. Ano ang dapat bayaran sa gobyerno ng isang nagtatatag ng tingian tindahan?



## PAG-ARALAN MO

Narito ang isang tula na kapupulutan ng magandang aral at maraming kaalaman.

Basahin ito at pag-aralan.

MAHUSAY NA TINDERA/ TINDERO

Ako'y ,may kilalang isang magandang tindera/tindero<br>
Maayos manamit, katawa'y malinis pa.<br>
May magandang kalusugan, personalidad kaaya-aya<br>
May sapat na kaalaman sa kanyang pagtitinda

Mga wastong ugaling dapat na taglayin<br>
Isinasabuhay niya nang may pagkamasunurin<br>
Sa mamimili'y magalang at magiliw rin<br>
Masipag, matiyaga, tapat at masayahin

Maganda ang tula di ba?<br>
Saulohin mo ito. Bigkasin sa harap ng isang kasambahay.



## SUBUKIN MO

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Anong mga katangian ng isang mahusay na tindera ang ipinahayag ng tulang nabasa mo?
2. Paano dapat magtinda ang isang tindera?
3. Anong magandang aral ang isinasaad ng tula?

## TANDAAN MO

May mga katangian na dapat taglayin para maging isang mahusay na tindera na nakapagbibigay saya sa mga mamimili upang umunlad ang tingiang tindahan.

## ISAPUSO MO

A. Anong magandang kaasalan ang natutuhan mo sa modyul na ito?

B. Basahin ang mga talata sa ibaba. Sagutin ang mga tanong ukol dito at isulat sa iyong kuwaderno.

   1. Si Madona ay tumutulong sa kanyang ina sa pagtitinda. Sa pagtanggap niya ng bayad, napansin niya na labis ang bigay na pera. Tinawag niya ang bumili at isinauli niya. Kung ikaw si Madona, gagawin mo rin ba iyon? Bakit?

2. Tuwing may bibili kay Madonna na nakatatanda sa kanya, siya ay gumagamit ng po o di kaya ay opo. Maraming bumubili sa kanya. Tutularan mo ba si Madona? Ipaliwanag ang sagot mo.



## GAWIN MO

A. Gumuhit ng isang larawan ng tindera. Isulat sa ilalim nito ang mga katangian ng tinderang nakalarawan.

B. Magtanong-tanong sa mga tinderang kakilala kung ano pa ang mga dagdag katangian na dapat taglayin ng isang tindera para sa mahusay na pagtitinda.



## PAGTATAYA

A. Panuto: Tukuyin ang magagandang katangian ng isang tindera. Pumili sa mga pariralang nakatala sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Palangiti sa mga mamimili
2. Isinasauli ang labis na pera
3. Ipinaliliwanag ang kahalagahan ng kalakal sa mamimili
4. Masigla, magaan ang katawan at parang walang kapaguran
5. Madalas nililinis at inaayos ang tindahan.

| | |
|---|---|
| Matiyaga | Malinis |
| Malusog | Matapat |
| Magiliw | Magalang |

**Salamat kaibigan, at natapos mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maaari mo ng gawin ang susunod na modyul.**
**Binabati kita.**